

# PAGBABALIK-TANAW SA KASAYSAYAN, NAGBABAGONG MGA KONTEKSTO, AT PAGPAPAKAHULUGAN NG 'BAKLA' AT 'GAY'

Felino S. Garcia, Jr.

Sa kasalukuyan, ang terminong 'bakla' ay tumutukoy sa lahat ng manipestasyon na may kinalaman sa pag-angkin, pagpapakita, at pagganap ng 'kilos-babae' at maging 'boses-babae'. Samantalang bahagi ng tinatawag na *modern homosexuality* ang pagsimula ng kaakuhang *gay* (*gay identity*) sa Estados Unidos. Ang 'Rebelyong Stonewall' noong 1969 sa New York ang itinuturing na nagpasimuno sa kasaysayang ito. Pluralismo (sa kasarian) ang isa sa mga resulta ng proseso ng *hybridization*, subalit hindi dapat tuluyang pakawalan ang diskurso ng LGBTQI na walang mapanuring pagsisipat nito sa espasyo ng kontestasyon bilang epistemolohiya o diskursong epistemiko. Ang dekada '90 ay maituturing na panahon ng paglunsad at paghahawan ng espasyong diskursibo (*discursive space*) hinggil sa koneksiyon ng sekswalidad at mga karapatang pantao. Ang kasunod na dantaon-21 ay nagbigay daan sa mga pandaigdigang panukala at proklamasyon na nagkondena sa mga ipinasang mga batas na nagkikriminalisa (*criminalize*) sa mga pagtatalik at mga aktibidad o asal na tumataliwas sa itinakdang lehitimo at katanggap-tanggap na mga asal at aktibidad-sekswal ng heteroseksistang lipunan.

Nakapaloob sa papel na ito ang pagpapakahulugan sa karapatang sekswal (*sex rights*) lalung-lalo na ng mga LGBTQI na kadalasan nagiging biktima ng karahasang nababatay sa oryentasyong sekswal. Kaakibat nito ang pagtalakay sa mga terminong '*sex rights*' at '*marriage rights*' at sa posibilidad ng kanilang pagbubuklod o 'pag-iisang dibdib' sa konteksto ng *queer theory*. May bagong pagteteorya ukol sa pagbuo ng identidad ng 'bakla' na lubhang naiiba at umiiwas sa burador ng labas/loob na dikotomiya at sa hibridisasyon o sinkretikong paghahalo ng 'paglaladlad' ng mga bakla sa '*coming out*' o '*coming out of the closet*' ng diskursong *gay* sa Kanluran. Lubos na pumapanig ang papel na ito sa kaisipang tumutugon sa pagkabig ng kasarian (*gender*) at sekswalidad bilang mga *social construct* at hindi mga bagay na bigla na lang lumitaw at umusbong na parang mga kabuti sa ating kamalayan.

**Susing salita:** bakla, gay, homosexual, 'coming out', hybridization, Stonewall Rebellion, hypermasculinity, *diskursong sodomitiko*, sex rights, marriage rights

## Introduksiyon

*Same-sex love was always human. How then did it become so repulsive in human history?* - George Rousseau, 2006

Ang paggamit ko ng terminong “*bakla*” sa papel na ito ay nangangahulugan na laganap sa buong kapuluan ng Pilipinas ang paggamit nito na ang pinagmulang grupong etnolinggwistiko ay Tagalog.<sup>1</sup> May mga katumbas itong mga salita at pagpapakahulugan sa iba’t ibang rehiyon katulad ng “*agi*”, “*bayot*”, “*bayot*”, “*bantut*”. May mga bagong imbentong terminong tumutukoy sa bakla, tulad ng “*bading*”, “*becky*” at “*bekimon*”. Patunay lamang ito ng mabilis na pagbabago ng *lexicon* sa lenggwahe ng kabaklaan na kilala rin sa tawag na ‘*gay lingo*’ at “*swardspeak*”.

Ayon kay Rolando Tolentino, nagmula sa panahon ng giyera (‘*tyempo-gera*’ sa Hiligaynon) ang orihinal na pagpapakahulugan sa salitang “*bakla*” bilang pagtawag sa mga lalaki na ayaw sumali sa mga gerilya na lumalaban sa Hapon at na piniling manatili sa tahanan (Tolentino 2014:184). Sa wikang Hiligaynon, ang katumbas ng bakla sa Tagalog ay “*agi*”. Nangingibabaw sa kahulugan nito ang pagkabinabae o *binabayi* ng isang lalaki, kagaya ng kilos-babae, at paggamit ng *swardspeak* o *gay lingo*. Bagaman iba ang konseptong ito sa pinagmulan o etimolohiya ng *gay* sa Kanluraning LGBTQI, niyakap na rin ng kabaklaan o *kaagian* ang salitang “*gay*”. Ito na rin ang pinakamalapit na kahulugan sa salitang “*queer*” na may magkaparehong kahulugan *noun* man o *adjective* sa wikang Ingles.

Hindi ko nilalayan ang maglahad ng pinakakumpletong pagsasalaysay ng kaibahan ng mga salitang ‘*gay*’ at ‘*bakla*’ kundi isang munting pagbabalik-tanaw sa mga nailathala nang mga saliksik at pagteteorya sa mga nabanggit na mga kategoriya.

## Ang bakla bilang binabae

*“In most instances, bakla is an emotionally laden as well as potentially derogatory term...while bakla conflates the categories of effeminacy, trans-vestism and homosexuality and can mean one or all of these in different contexts, the main focus of the term is that of effeminate mannerism, feminine physical characteristics (i.e. small, frail bodies, delicate facial features, and so on) and cross dressing.”* – Martin F. Manalansan IV, 2006:25

<sup>1</sup> Sa pamamagitan ng *mass media* at partikular na ang pelikula at telebisyon (Manalansan 2006:24).

Karamihan sa atin ang nag-aakalang ang mga salitang ‘gay’ at ‘bakla’ ay magkasingkahulugan kaya’t palaging nagagamit ang mga ito bilang pagpapatumbas sa isa’t isa. Subalit ang mga salitang ito ay may kaniya-kaniyang pinaghuugutang pagpapakahulugan at konteksto. Si J. Neil Garcia (2013) ang nag-angkla sa henealohiya ng ‘bakla’ sa prekolonyal na kasaysayan at kultura sa pagbasa at pag-aaral niya sa mga naisulat na mga dokumento ng mga kastilang misyonero’t opisyal ng kolonyal na gobyerno. Mabibilang dito ang mga crónica nina Morga, Plasencia, Ribadaneira, San Antonio, Chirino, at Alcina. Sinipat niya gayundin ang mga *vocabulario* at *diccionario* nina San Buenaventura, Noceda y Sanlucar, at Laktaw.<sup>2</sup> Batay sa mga unang sulatin na ito, may mga lalaki na nagdadamit-babae at kumikilos-babae sa ating prekolonyal na lipunan na tinaguriang mga “*babaylan*” dahil sa naisasakatuparan nila ang iba’t-ibang mga ritwal ng paghahalad sa mga ispirito. Ang mga lalaking ito ay hindi lamang nagdadamit at kumikilos na babae kundi isinasagawa na rin nila ang mga pambabaeng gawain at tungkulin sa kanilang *katilingban*<sup>3</sup> o lipunan. Kinikilala ng pamayanan ang kanilang kabihasan bilang mga binabae sa mga tungkulin na karaniwan ginagampanan ng mga babae. Samakatuwid, ayon kay J. Neil Garcia, hindi lamang sila ‘*cross-dresser*’ kundi ‘*gender-crosser*’ (Garcia 2013:53). Mataas ang pagtingin sa kanila bilang babaylan at binabae.

Sa kasalukuyang panahon, ang terminong “bakla” ay tumutukoy sa lahat ng manipestasyon na may kinalaman sa pagsasababae o ang pag-angkin, pagpapakita at pagganap ng kilos-babae, maging boses-babae. Ang paggamit ng terminong ito ay may positibo at negatibong aspeto. Positibo dahil naisasakapangyarihan (*empower*) nito ang karapatan ng bakla na magpakatutoo sa kanyang pagkabinabae. Sa kabilang dako, negatibo dahil madalas na ginagamit ito bilang katawagan ng pangugutya’t pag-aalipusta sa

<sup>2</sup> Sumangguni sa Garcia (2013:63-65) para sa kumpletong bibliyograpiya ng mga ito.

<sup>3</sup> May ilang salitang Hiligaynon na ipinasok sa papel na ito na may layunin na maisangkot na rin ang wikang Hiligaynon sa patuloy na intelektwalisasyon ng wikang Filipino— na hindi dapat ituring na kumakatawan sa iisang wika lamang katulad ng Tagalog kundi isang malawak na espasyong linggwistiko (*linguistic space*) na patuloy na nagbabago’t binabago ng mga puwersang panlipunan at pangkasaysayan sa pamamagitan ng pagpapaloob nito ng mga salita mula sa iba’t-ibang wika ng Pilipinas at sa mga nagbabagong mga bersiyon nito habang ginagamit na *lingua franca* sa iba’t-ibang sulok ng bansa maging sa mga komunidad ng mga Pilipinong nagtatrabaho, nag-aaral at namumuhay sa *diaspora*. [Tingnan ang Appendix para sa glosaryo ng mga terminong Hiligaynon.]

mga taong binansagang mga 'alanganin', bata man o matanda, ng lipunang heteroseksista at heteronormatibo.

### Ang ninanasang “tunay at totoong lalaki”

*“The traditional view of homosexuality is as oppressive as it is heterosexual: underlying the identities and the relations of the bakla and the real man is the symbolic distinction between the roles of a dominant male and a dominated female” – J. Neil Garcia, 1998:55*

Ang pinagtutuunan ng *kailigbon* (o libog) ng isang 'gay' ay ang kapwa niya 'gay', naiiba ang 'bakla' dahil “totoong lalaki” ang hanap niya. Bunga ito ng paniniwalang ang bakla ay may 'pusong babae' sa loob ng katawan ng isang lalaki. Ayon sa saliksik ni Manalansan (2006:25, 26), ang minimithi at ninanasang “totoong lalaki” o *straight/heterosexual* na lalaki ay bunsod ng paniniwala sa ideolohiya ng kabaklaan na ang pagkakaroon ng relasyong sekswal sa kapwa bakla ay kanibalismo (*cannibalism*) o lesbianismo, at isang uri ng *incest*.

Madalas ko itong nadidinig sa mga kaibigan kong *agi*— “nga indi gid dapat magmering sa pareho nga *agi kay incest ini, pareho lang nagakaon ka sang imo nga unod*” [‘di dapat makipagsex sa kapwa bakla dahil isa *incest* ito, parang kinakain mo lang ang sarili mong laman’]. Dagdag pa ng mga bakla na naghahambing nito sa “*incest*”, waring kumakain ng butete (“*Āno ka, nagapangaon butete?*”). Ang pagkain ng isdang butete (pamilyang *Tetraodontidae*) ay nakamamatay dahil sa angking lason nito sa katawan. Kaya’t ang pakikipagtalik sa kapwa bakla ay naituturing rin na isang uri ng pagkain ng lason. ‘Kikidlatan talaga’ ang nakikipagtalik sa kapwa *agi* – “*baw, kilatan gid kamo...*”

### Ang “nagtatansong” silahis at MSM

*“When a bakla discovers that his boyfriend is also a bakla, he is said to have been fooled or natanso (which literally means “bronzed” and is used to describe the treachery involved as opposed to “real golden masculinity”). The humorous saying goes that if a bakla has sex with one of his kind, he will be hit by lightning (tatamaan ng kidlat) as if such an act goes against the divine order of things.”*

– Martin F. Manalansan IV, 2006:25

Ang karanasan ng ‘pagtatanso’, “*tansoanay*” sa wikang Hiligaynon, ay kadalasang nangyayari sa loob ng sinehan. (Kadalasan sa sinehan nangyayari

ang iba't ibang uri ng pakikipagtalik, kung saan hindi nakasisiguro ang mga bakla kung “totoong lalaki” o kapwa bakla ang kanilang nahanap dahil sa dilim.) Kapag natanso ang isang bakla, daglian niyang sinasabi na nabiktima siya ng isang “silahista” – terminong pantukoy sa baklang nagkukunwaring lalaki. Ito rin ang salitang hinahalintulad sa kategoryang ‘bisexual’ ng kaakuhang LGBTQI.

Masalimuot ang pagtanaw ng kabaklaan sa mga “silahista” at pinaniniwalaang nagkukunwari lamang silang lalaki, nagkikilos lalaki, o “*pa-mhin*” – salitang ginagamit sa mga maskuladong *gay*, sa pag-aakalang hindi pa lumaladlad ang ganitong klaseng mga bakla. Tinatawag din silang mga “kloseta” o “*closet queen*” (isang *variety* ng “*denial queen*”) at nagtatago sila, o hindi pa lumalabas sa *closet*. Makikita sa ganitong semiyotika na tampok na rin sa ideolohiya ng kabaklaan ang Kanluranin na konsepto ng ‘*closet*’ na ginagamit pampaliwanag sa “pagkukunwari” ng mga maskulado at kilos-lalaking mga *gay*.

Ang pagkategorya ng silahis bilang Pilipinong pagpapatumbas sa “bisexual” ng LGBTQI ay konektado sa nakakubli na dinamikong heteronormatibo sa ideyolohiya, at sa pagganap nito sa lipunang nagpipribilehiyo sa heteroseksismo. Nakikita ito sa oryentasyong “MSM”, o *Men Who have Sex With Men*, na may pagkakatulad sa silahis o *bisexual*. Dito rin nagmula ang mga terminong “*top*” at “*bottom*”<sup>4</sup>: ang “*top*” na gumaganap ng papel ng ‘lalaki’ sa MSM ay hindi isang ‘bakla’ kundi isang ‘silahis’. Sa oryentasyong ito, nananatili silang “*straight*” na lalaki sa kanilang sekswal na pakikipag-ugnay sa isa’t isa.

### Ang nagdudurusang bakla

*“The gay’s constant change of relationship hinges on the essential non-attainment of female sexuality. Female sexuality becomes the impossible standard which “gayness” is made to approximate. Gay pleasure is temporarily constructed in the in-between spaces of angst and pleasure in the performance of being a “complete woman.”*

– Rolando Tolentino, 2014:176

Ang diskurso ng paghahanap ng ‘totoong lalaki’ ay naglalagay sa bakla sa sitwasyong lagging tagilid at talo. Makikita rin ito sa negosasyon na nangyayari sa pagitan ng isang bakla at ‘totoong lalaking’ *callboy* (na inasam-

<sup>4</sup> Naglalarawan sa posisyon sa pakikipagtalik lalo na sa pamamagitan ng puwit, o *anal sex*, ng dalawang lalaki (Corpuz 2010:168)

asam bilang “*paragon of masculinity*” (ayon pa kay Manalansan 2006:26). Sa diskursong ito, masasabing itinuturing ng heteronormatibong pamamalakad ng patriyarkiyang *katilingban* ang bakla bilang isang ‘Iba’ (*Other*), at kasintulad ng babae (Corpuz 2010:159). Ang pang-‘Iba’ na ito’y lalong naglalagak sa bakla (na hindi tunay na babae) sa mga gilid at laylayan (*margins*). Malayo ang bakla sa sentro ng pagpapakahulugan (*signification*) sa kung ano ang ‘normal’ kaya’t katanggap-tanggap na sekswalidad at kasarian (*gender*). Isang alamat o mito ang pinaniniwalaang gay acceptance o pagtanggap/pagsang-ayon ng katilingban sa mga bakla, isa itong ilusyon. Dumedepende lamang ito sa kanyang estado sa lipunan, at katanggap-tanggap lamang sa ilang konteksto.<sup>5</sup>

Kung susuriin, halos walang katapusan ang pagdurusang ng isang bakla kapag ang kanyang aspirasyon at mithiin, ang kanyang kailigbon at pagnanasa, ay nakatali sa diskurso ng paghahanap sa “totoong lalaki” na magmamahal din sa kanya nang totoo (sa kanyang paniniwala). Halimbawa ito ng bulag na pagsunod sa *hegemony* ng heteronormatibong kaayusan sa ilalim ng patriyarkiya. Dapat magising ang bakla sa katotohonan ng kaniyang kalagayan at simulang yakapin ang ideyang magwawaksi sa lahat ng uri ng paghahati o *bifurcation* lalo na sa aspeto ng sekswalidad at kasarian.

Mas maigting ang pagdurusang nararanasan ng bakla kapag nakikita natin na ang ugnayang bakla at “totoong lalaki” ay hindi maaaring kumawala sa libog (ang bakla ang nalilibugan sa lalaki) at pera (ang bakla ang nagbabayad sa “serbisyo” o ligayang nakakamtan mula sa pakikipagtalik sa lalaki) (Tolentino 2014:176). Karaniwan sa mga ugnayang ito ay panandalian<sup>6</sup>. Walang kasiguraduhan na magtatagal ang ugnayan o relasyon maliban sa aktwal na pakikipagtalik na pera lamang ang kabayaran. Bunsod nito, madalas magpalit at magbago ng mga kaulayaw at katalik na lalaki ang bakla (Tolentino 2014:176). Maaari rin na ang pag-aasawa ng lalaki ang nagiging dahilan sa paghihiwalayan ng bakla at ng kalaguyo niyang lalaki. Ngunit, ang pagiging pamilyado ng lalaki ay hindi hadlang sa patuloy na pakikipagrelasyon sa bakla<sup>7</sup>. Bagama’t tagilid at lubhang dehado ang bakla sa di-pantay na kaayusang ito, hindi pa rin ito nagkukusang kumawala sa relasyon dahil sa

---

<sup>5</sup> Tulad ng napapanood na personalidad sa telebisyon na sina Vice Ganda, John Lapuz at Chokoleit (Corpuz 2010:158).

<sup>6</sup> Ilang oras o *overnight* sa isang *motel* o nakaw na mga sandaling pagkikita sa *mall* o sa lugar na malayo sa pagkakaalam at pakikialam ng nobya o asawa.

<sup>7</sup> Lalo na kung may matinding pangangailangan ang lalaki kagaya ng panggastos sa bahay at pantustos sa mga pinansiyal na pangangailangan ng asawa’t mga anak (Tolentino 2014:176).

‘matinding pagmamahal’ nito sa lalak—sa madaling salita nagiging martir ito. Tanggapin na natin na may tunay na pagmamahal sa relasyon ng bakla’t lalaki; pagmamahal, dahil may mga elemento ito ng *pag-ulikid* (pagmamalasakit) at sakripisyo na ipinapakita ng bakla.

Sa paningin ng patriyarkiya, ang ‘*true love*’ ay nagkakaroon lamang ng pagpapatotoo at saysay sa loob ng naturalisadong heterosekswal na kaayusan (Corpuz 2010:167). Kapag ang pagmamahalan ay itinadhana lamang para sa “totoo’t tunay” na mga babae’t lalaki sa hindi makatarungan na kaayusang panlipunan at pangkasarian, nakatungtong ang kaganapang kabaklaan (*bakla performativity*) sa kalagitnaan ng pagdurusang at kaligayahan. Kapag nasalin ang lohikong ito bilang metapora ng kabaklaan, ang bakla ang gumaganap na martir na sa likod ng kaniyang halakhak ay nagdudurusa.

### **Kolonyalismo at sodomitikong diskurso**

Sa historyograpiyang umiinog sa ugnayan ng kasarian, sekswalidad at kolonyalismo (*gender, sexuality and colonialism*) ang ‘diskursong sodomitiko’ (*sodomitical discourse*) ay maaaring gamitin bilang perspektiba o pagdulog sa iba’t-ibang uri ng karahasang pangkasarian (*gender violence*), maging pagpaslang batay sa kasarian (*gender genocide*), na ipinataw ng mga kolonyal na lipunan sa pamamagitan ng estado at simbahan sa mga lalaking nagmamahal at nakikipagtalik sa kapwa lalaki. Bago ang ika-19 na dantaon, hindi pa laganap ang paggamit ng terminong ‘homosekswalidad’ bilang pantukoy sa isang uri ng pakikipag-ugnayang sekswal, pagnanasa, pagmamahal at pag-ibig sa kapwa lalaki o babae. Sa halip, ang laganap na salita ay ang ‘sodomiya’ (*sodomy*) na ang etimolohiya ay ang kuwento ng Sodom at Gomorrah sa Lumang Tipan (*Old Testament*). Ang klasisistang iskolar (*classics scholar*) na si David Halperin ang nagsakasaysayan (*historicise*) ng salitang *homosexuality* sa kanyang aklat na *One Hundred Years of Homosexuality and Other Essays on Greek Love* (1990). Binigyan ng *discursive emphasis* ito sa posmodernismong naratibo ng pilosopong si Michel Foucault sa kaniyang tatlong tomo ng *L’Histoire de la sexualite* (*History of Sexuality*).

Lubos na mauunawaan ang sodomiya, at ang kaakibat na ‘katawang sodomitiko’ (*sodomitic body*), hindi lamang dahil sa mayroong nagsasagawa ng ‘di-karaniwang uri ng pagtatalik’,<sup>8</sup> na walang basbas ng sakramento ng

---

<sup>8</sup> Katulad ng sa pamamagitan ng puwet (*anal sex*), pagsasalsal sa isa’t-isa (*mutual masturbation*), pagtsutsupa (*fellatio*), pagbobrotsa (*cunnilingus*) at iba pang sekswal

matrimony, ng mga lalaki sa kapwa lalaki o babae sa kapwa babae, maging ng mga heterosekswal na babae't lalaki, maging ng hayop at tao bilang magkatalik, kundi dahil din sa pagsasampa ng mga akusasyon na ganito. Noong ika-16 na siglo sa Europa, ang paninirang-puri ay ginawang instrumento laban sa mga "kaaway" ng patriyarkiya sa Europa. Sa Bagong Mundo (*New World*), ang diskursibong rehimen sa mga katutubong "indio" bilang mga *sodomite* ay isang pamamaraan ng pagbasa o pagdulog sa mga nadiskubreng lubhang kaibahan ng mga tao sa malayong lugar na ito sa aspeto ng pangangatawan, lahi, pananamit at maging sa seksolohiya't sistemang pangkasarian (*sexology and gender system*), sa kinagisnang kultura ng mga kolonyalistang Kastila (Goldberg 1992, banggit sa Garcia 2014).

Subalit hindi parehas ang proseso ng pananakop at kolonisasyon sa dalawang heograpiya ng Latino Amerika at Pilipinas. Sa Pilipinas lalo na noong ika-17 na siglo, ang akto ng sodomiya ay madalas na ipinaparatang sa mga Intsik, na matagal nang nakikipagkalakal sa mga katutubo bago pa man dumating ang mga Kastila (Garcia 2014).<sup>9</sup> Ang diskursong ito ay naging palaisipan sa paglarawan ng mga lalaking *shaman* o mga babaylan. Ang 'kasalanan sa kalikasan' ay isang interesanteng paksa para sa mga taga-Europa na unang dating sa Pilipinas (*first generation explorers and settlers*) at sa mga historyador. Sa 'manuskrito ng Maynila' [o "*Boxer Codex*", ng ika-16 daantaon] nakasulat na ang mga "bayog", o mga lalaking babaylan, ay nag-aasawa sa mga kapwa nila lalaki. Subalit ayon kay Carolyn Brewer ang tono ng pagkasulat ay walang panghuhusga (Brewer 1999:8).

---

na aktibidad na walang kinalaman sa reproduksiyon ng salin-lahi (*non-procreative sexual practices*).

<sup>9</sup> Sa isang sulat kay Haring Felipe II ng Espanya ni Arsobispo Ignacio de Santibañez ng Maynila noong ika-17 na siglo, sinabi na ang mga Intsik ang may kagagawan sa pagkatuto ng mga indio tungkol sa sodomiya. Ito ay pinatotoo rin ni Arsobispo Miguel de Benavides, ang kasunod na Arsobispo, at ng historyador na si Antonio de Morga (Brewer 1999).

Ayon kay Brewer (1999), noong 1588 sinabi ng isang Francis Pretty, abenturero na taga-Inglatera, na ang pagiging lubhang ganito ng kalalakihan sa Pilipinas (so '*given to the fowle sinne of Sodomie*') ay hinahanapan daw ng remedyo ng kababaihan (*the 'women of the countrey ... desired some remedie against that mischiefe'*).

Napagbintangan ang mga Tsino:

*The sin of Sodom is widespread among them [Chinese], and they have infected the natives with it, both men and women, for since the latter are a poor-spirited people who follow the line of least resistance, the Chinese make use of them for their corrupt pleasures.*



Ang Katolikong sakramento ng pangungumpisal ay ginamit ng mga kolonyalistang misyonero upang maisiwalat ang tungkol sa mga “nililihim” at “makasalanan” na mga pagnanasa o gawain ng mga nabinyagang mga indio na hindi sang-ayon sa “sagradong mithiin” ng pakikipagtalik (Rafael 1987:320). Ang teolohiya ng kasalanan (*theology of sin*) na nanalaytay sa mga sakramento at sa mga katesismo na tinuturo ng mga misyonero at mga katuwang na katutubo sa mga inorganisang *cofradia* ay tigib sa teolohiya’t pilosopiyang nahuhugot sa Eskolastisismo ng Edad Medya (*Medieval Ages*) nina San Agustin at San Tomas de Aquino.

### **Pagasapatolohika (*pathologization*)**

*A survey conducted by the Health Action Information Network (HAIN) late in 1991 (involving 480 medical and 480 nursing students in Metro Manila) found that 29.6% of medical students agreed with the statement that “homosexuality is a disease,” higher than among nursing students (25.2%) and non-medical and non-nursing students (24.5%). It is interesting, too, that more medical students (89.4%) than nursing students (83.3%) agreed with the statement that “it is a sin to have sex with another person of the same sea”, suggesting that religious orthodoxy remains strong among the students, even in a supposedly secular environment such as a medical school. – Michael L. Tan, 1994:206*

Sa panahon ng kolonyalismong Amerikano, lumitaw ang pagpapakahulugan ng homosekswalidad hindi lamang bilang “makasalanan” kundi bilang “isang uri ng karamdaman” (Tan 1994). May papel dito ang disiplina ng Sikolohiya (sa tradisyon ni Freud). Ang pagturing sa homosekswalidad/kabaklaan na isang “sakit” ay magbubunga ng mga kaparaanan sa “paggamot” nito na labag sa karapatang pantao.

Ang kasaysayan ng Sikoanalisis (*psychoanalysis*) sa Estados Unidos, ay naglalarawan ng malawak na impluwensiya ng modelong patolohiko (*pathological model*) ng homosekswalidad. Lalo noong dekada ‘40 hanggang ‘70, ang homosekswal ay itinuring na isang pasyente, at na tungkulin ng isang sikolohista at sikiyatrista (*psychologist and psychiatrist*) ang “pagbalik” sa pagiging heterosekswal ng isang homosekswal (Friedman & Downey 1998:263). Dahil na rin sa mga nabanggit, isang insulto sa ‘pagkalalaki’ ang matawag na “bakla”; ang pagsususpetsahang mga binabae sila ay ginagamit bilang pangungutya lalo na sa mga bata o binata. Nagpapatunay lamang ito na ang proseso ng pananakop o kolonisasyon ay mauugnay sa imposisyon ng kulturang patriyarkal sa pamamagitan ng relihiyon, at ng agham sa sikolohiya

at medisina, sa sistemang pangkasarian at sekswalidad ng kinolonisadong lipunan.<sup>10</sup>

### Kaakuhang “Gay”

*“The most pivotal rite of passage in the life cycle of a gay man is the coming out event. A gay man’s life is turned from a life of secrecy and careful manipulation of behavior and images to one of a public avowal of identity”* – Martin F. Manalansan IV, 2006:27

*“...the dominant paradigm is being replaced by an in-progress indigenized version of the western politicized gay subject, mostly introduced by gays from the middle class in the academe”* – Rolando Tolentino, 2014:175

Bahagi ng tinatawag na “*modern homosexuality*” ang kaakuhang “*gay*” (*gay identity*) sa Estados Unidos. Ayon kay Manalansan, ang pagbuo ng nasabing *gay identity* sa America ay nakabatay sa pagpapahalaga sa kanilang lipunan sa indibidwalismo at *commitment*, na nagbibigay dahilan para sa taimtim na pag-aalala sa bahagi ng pamilya at kamag-anak (Manalansan 2006:22-23).

Ang Rebelyong *Stonewall* (*Stonewall Rebellion*) noong 1969 sa New York ang itinuturing na nagpasimuno sa kasaysayang ito. Ang pangyayaring ito ay nabuo sa pakikipaglaban ng mga homosekswal sa mga pulis na marahas na nilusob ang mga *gay bar* sa lungsod, isa na rito ang *Stonewall Inn* sa Greenwich Village. Bilang pagkilala at pagpapahalaga sa kasaysayang ito, halos lahat ng mga turistang *gay* hindi lamang sa Amerika kundi maging sa buong mundo ang dumadalaw sa lugar na ito at naghahalad ng mga bulaklak o nagsisindi ng mga kandila alay sa mga biktima ng *police brutality* noong panahong iyon.

Maraming mga sangkap o elemento ng identidad na *gay* bunsod ng rebelyon ay tinalakay na ng mga manunulat na may interes sa mga pagbabagong pangkasarian at sekswalidad sa Estados Unidos (hal. Sedgwick

---

<sup>10</sup> Kinukumpirma ito ng *Amnesty International* na nagmungkahi na ang sektor ng kalusugan ay may kontribusyon sa pag-aalipusta ng mga homosekswal at iba pang klase ng sekswalidad;

*“...the health arena cannot be assumed to provide a safe harbor for sexuality and sexual rights. This is especially true for homosexuality given the historic role medicine and its related professions and institutions have played in oppressing non-heteronormative sexualities.* (Lewin & Meyer 2002:163)

1990, Halperin 1990). Para sa mga Amerikano hindi ikakagulat ang paglisan sa pamilya dahil ang pagkakakilanlan sa sarili o *kaugalingon* (*self-identification*) sa kanilang kultura ay nababatay sa “paglikha ng indibidwalidad” o *individuation*, “pagbubukod” o *separation*, at “paglisan” o *leaving home*. Sa kontekstong ito nakaangkla at naitaguyod ang kaakuhang *gay* kasama ng kaugnay na konsepto ng “*coming out of the closet*” o “*coming out*” [‘paglabas mula sa kinatatagan na aparador’], nang malaya at hiwalay sa mga inaasahan ng/at obligasyon sa pamilya. Pansin ni Manalansan na ang diskurso ng “*coming out*” ay sadyang tungkol sa pinagdadaanang komprontasyon at pakikipag-usap sa mga kaibigan, pamilya at ‘makabuluhang iba’ (*significant other*) ng isang *gay* (2006:23). Pinakamahalaga itong “*coming out*” sa buhay ng isang *gay* dahil sa isa itong proseso ng transpormasyon, ng pagbabago— mula sa pagiging isang indibidwal na hindi nakakasiguro sa kanyang mga pagnanais at pagnanasa patungo sa pagtanggap sa sarili bilang *gay* at ang katapangan na kaakibat sa *pagbuyagyag* sa buong mundo ng kanyang “muling pagsilang” bilang isang *gay*.

Ang kaakuhang *gay* ay nakatutok sa napiling taong gustong makatalik (*sexual object choice*). Mahalaga sa kaakuhang *gay* ang pagnanasa ng *gay* sa kapwa *gay*. Wala itong kinalaman sa pagkabinabae. Sa katotohanan, tahasan nitong itinatakwil ang isang uri ng homosekswalidad na nagpapakita ng kahinhinan at sa halip nito, isang imahen ng umaapaw ang pagkamaskulado o kamachohan: “*From a kind of gendered homosexuality to one that valorized the hypermasculine ideal,*” ayon kay Manalansan (2006:23).. Sa pagdaan ng panahon, ang ebolusyon ang kaakuhang *gay* ay lumikha ng sariling kultura na nagtataguyod sa iba’t-ibang uri ng relasyon na nabubuo sa ilalim ng sistemang ito (“*[A] culture that sustains the social relations of same-sex desire,*” Manalansan 2006:23).

Ang *pagsulod* o pagpasok ng oryentasyong *gay* sa Pilipinas ay bunga ng malakas at lumalaganap na impluwensiya ng Estados Unidos sa kultura ng kasalukuyang *katilingban* na Pilipino. Kasangkot din sa pagbabagong ito ang mga baklang taga-akademya na karamihan ay nabibilang sa panggitnang uri o *middle class* (Tolentino 2014:175). Natutunghayan ito sa mga malalaking kalungsuran ng Pilipinas gaya ng Metro Manila bilang sentro ng urbanisasyon, at sa konteksto ng pambansang *katin-aran* (*national development*) sa patuloy na pagdaloy ng mga elemento ng globalisasyon, neokolonyalismo at neoliberalismo hindi lamang sa *political economy* ng ating poskolonyal na *katilingban* kundi maging sa *sexual economy* nito.

### Sinkretisismong Gay at Bakla

*“the silence of the closet has finally been dispersed like a cloud that has burst over the now shimmering expanse of green foliage and pink flowers, sanctifying everything in the cool morning air of our common redemptions...”* – J. Neil Garcia, 1994:xi

*“But we must remember that LGBTQI identity is also just another discursive regime...with its own repressive mechanisms, blindnesses, biases and regulatory fictions”* – J. Neil Garcia, 2013:61

Ang letrang “G” sa LGBTQI ay sumasagisag sa terminong “gay”. Ang pagpasok ng terminong ito sa bokabularyo at kasaysayan ng kabaklaan dito sa Pilipinas ay pinasimulan ng mga kilusang pangkasarian na lumaganap lalo na sa mga malalaking lungsod kagaya ng Metro Manila noong dekada ‘80 at ‘90. Hindi lamang mga bakla ang nakibaka at nakipaglaban sa dominanteng palipunang kamalayan at diskurso hinggil sa kasarian at sekswalidad kundi maging mga lesbiyana rin. Biglang umusbong ang mga NGO (*non-government organization*) katulad ng *Pro Gay Philippines*, Lagablab (*Lesbian and Gay Legislative Advocacy Network*), LeAP (*Lesbian Advocates Philippines*), UP Babaylan [noong 1992], CLIC (*Cannot Live in the Closet*), at TLF (*The Library Foundation*). Noong Marso 1992, mayroon nang *Lesbian Collective* na sumali sa *International Women’s Day March*. Noong ika-26 ng Hunyo 1994, pinangunahan ng *Pro Gay Philippines* sa suporta ng *Metropolitan Community Church (MCC)* [parehong inorganisa noong 1993] ang isang *Gay Pride March* na may layon hindi lamang ang pag-alala ng Stonewall noong 1969 sa Estados Unidos, kundi upang iprotesta rin ang implementasyon ng *Value Added Tax (VAT)* sa Pilipinas. Sa pamamagitan nito, makikita ang pagkikita ng mga isyu ng kasarian at pangkabuhayan (*Being LGBT in Asia* 2014:16-17)

Kabilang sa mga organisasyon ng mga lesbiyana na umusbong noong dekada ‘90 ang mga sumusunod: CLIC (*Cannot Live in the Closet*), *Lesbian Advocates Philippines (LeAP)*, at *Lesbond* (sa Baguio City). May mga koleksyon ng pagsusulat ng lesbiyana na inilathala katulad ng: *Tibok* noong 1998, isang *primer* tungkol sa pagigin lesbiyan na ginawa ng CLIC noong 1999, at ang *ManilaOut* na isang dyaryo na pang-LGBTQI. Ang isang *party list group* na pinangalanang *Ladlad*, ay inorganisa noong 2003, at nariyan rin ang Lagablab (*Lesbian and Gay Legislative Advocacy Network*). Nakatanggap rin ng suporta ang kilusan mula sa *party list* na Akbayan na mayroong

LGBTQI agenda sa kanilang plataporma. Sa panahon ring iyon, ang *The Library Foundation* (TLF) ay nakilala bilang isang *gay* na NGO, at naguna ito kasama ng Katlo sa isyu ng paglaganap ng AIDS sa mga MSM ); dahil dito at dahil sa pagsisikap ng TLF na buoin ang komunidad ng mga *gay*, ginawaran ang TLF<sup>11</sup> ng isang upuan sa Philippine National Aids Council noong 1995. (*Being LGBTQI in Asia* 2014:17, Garcia, Felino Jr. 2015:13-14, 15 n.p.).

Ang dekada '90 ay mahalaga dahil sa paglathala ng Anvil Publishing ng una sa serye ng *Ladlad* (Garcia & Remoto 1994), na antolohiya ng panitikan (mga tula, maikling kuwento, sanaysay, at mga drama) ng mga manunulat na *gay* at bakla. Sa antolohiyang ito napapaloob ang magkahalong perspektibang *gay* at bakla na sa kauna-unahang pagkakataon ay nabigyan ng espasyo at liwanag. “Paglaladlad ng kapa” ang tema na nagbigay hugis sa panulatang ito. Inihambing ang ‘*coming out*’ ng LGBTQI sa ‘paglaladlad’ na siya namang diskurso ng kabaklaan. Sa paglalathalang ito, ipinagsama ang dalawang sistema ng pagpapakahulugan: bakla at *gay*.<sup>12</sup>

Hindi kailangang ikulong sa kahon ng natibismo ang isang *cultural construct* katulad ng ‘bakla’; at bagaman Kanluranin ang perspektibang ‘*gay*’ ay hindi masasabing wala na itong kahalagahan sa diskursong pangkasarian sa ating bansa. Sa katunayan may mga *homosexual* sa kasalukuyan na bagama’t napakamaskulado’t macho ang pangangatawan ay nagsimula na ring tawagin ang kanilang sarili na bakla. Pinansin ni Corpuz na ang ibig sabihin ng bakla ay di na lamang ‘binabae’— maaaring sabihin rin niya na siya ay isang lalaki. Maidadagdag rin dito na walang terminolohiyang katutubo na maaaring sumagisag at magpakahulugan sa mga salitang *homosexual* at *homosexuality* ng Kanluran. Kasama na ngayon sa pagiging bakla ang pagiging “*homosexual*” na kadalasang kinikilala rin na “*gay*” (Corpuz 2010:159).

---

<sup>11</sup> Ang opisyal na pangalan ng TLF ngayon ay *TLF Sexuality, Health and Rights Educators Collective Inc.* o *TLF Share Collective*.

<sup>12</sup> Para kay Garcia, itong sinkretikong proseso ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng konsepto ng *hybridity* ni Homi Bhabha (1994)

“*As Bhabha has persuasively argued it , hybridity is premised on the idea that from the very beginning , colonialist authority is never fully present or absolute that as experienced by the colonized it is always already different from its claims to a “natural” originality, truth fullness and superiority; that there is in the colonial setting, a radical ambivalence that lies at the heart of imperial power, which in its desire to be acknowledged as powerful has needed to be translated into the local languages and is therefore precisely in its translatedness, irremediably bastardized, hybridized transformed needless to say, subverted from within (Garcia 2013:60).*”

Naiiba lamang ang dalawang terminong ito kung ang henealohiya o ang orihinal na kahulugan at konteksto ng kanilang pinagmulan ang pag-uusapan (gaya ng tinalakay ko sa unang bahagi ng papel na ito).

Ang kaisipang ito ay impluwensiya ng pananaw ng kritikong si Judith Butler (1990) hinggil sa konsepto ng *performativity* lalo na sa pagwawaksi nito ng iba't-ibang uri ng paghahati o *dichotomy*, at *binary* sa kamalayan sa kasanayang pangkasarian. Isa sa mga sistemang ito ay ang LGBTQI. Bagama't pluralismo ang isa sa mga resulta ng proseso ng *hybridization*, hindi pa rin dapat nating tuluyang pakawalan ang diskurso ng LGBTQI na walang mapanuring pagsisipat nito. Dapat ilagay din ito sa espasyo ng kontestasyon bilang epistemolohiya o diskursong epistemiko. Para kay J. Neil Garcia (2013), kabaklaan pa rin ang natatanging salamin sa pag-unawa ng kaakuhang *gay* at *homosexual* sa Pilipinas.

### Bagong pagteteorya batay sa etnograpiya

*“[I]mitation in lowland Filipino Catholic culture is a way of negotiating and engaging with various real and imagined others...the appreciation and valorization of any performance are not merely about taking on the dress of another gender or singing popular English song but putting on the trappings of another place, an Other culture – the America of Filipino dreams” – Martin V. Manalansan IV, 2006:139*

*“Nababakla can loosely be translated as “baklaness” – happening or descending on somebody as opposed to nagiging bakla that is, becoming bakla. The first verb actually suggests that bakla can also be an essence that can be transferred or can descend upon a person like a trance or fever. Thus, in some aspects, bakla behavior is seen to be not a product of something inside a person but as a product of an outside force or forces.” – Martin V. Manalansan IV, 2006:43*

May bagong pagteteorya ukol sa pagbuo ng identidad ng bakla na umiiwas sa burador (*paradigm*) ng labas/loob na dikotomiya at sa hibridisasyon o sinkretikong paghahalo ng ‘paglaladlad’ ng mga bakla sa ‘*coming out*’ ng diskursong *gay* sa Kanluran. Sa kaniyang aklat na *Global Divas: Filipino Gay Men in the Diaspora* (2006), binatay ni Manalansan ang kanyang pagbasa sa kabaklaan sa pananaliksik ng mga antropologong si Fenella Cannell (1999) at Mark Johnson (1997).

Sa interpretasyon ni Cannell (1999)<sup>13</sup> sa mga *beauty contest* ng mga bakla sa isang bayan sa Bicol, nakatuon ang kaakuhang bakla sa konsepto ng *beauty* o kagandahan. Ang *keyword* o susing salita ay ang ‘panggagaya’ o *mimicry* sa wikang Ingles, at ang manipestasyon nito ay sa pagdadamit-babae ng isang bakla. Ang paggayak ng sarili at imitasyon ng mga iniidolo na artista ay nagsisilbing paraan ng paglapit ng sarili sa kanilang ‘kagandahan’ at sa pag-angkin ng kapangyarihan nito. Ganito rin ang naidudulot ng pagsali sa *Pasyon*: ang paglapit ng sarili sa espirtual na ‘kagandahan at kapangyarihan’ ng nagdurusang Kristo.<sup>14</sup> Matatandaan na ang *cross-dressing* ay isang kasanayang pangkultura (*cultural practice*) lalo na kung titingnan sa lente ng Katolisimo sa ating kultura. Maliban dito, sa pagbibihis-babae at pagkanta ng mga *pop* na mga kantang Ingles, na-aangkin ang mga manipestasyon ng ‘kagandahan at kapangyarihan’ ng ‘ibang’ kultura ng “Amerika”, o ang tinagurian ni Johnson na “*imagined American global otherness*” (1997).<sup>15</sup>

Ayon pa kay Tolentino, ang pagdadamit-babae ng isang bakla ay pagsasakatawan ng isang malalim na kagustuhan at paghahangad (*fetish*) para sa mga di-ordinaryong bagay at materyal ng alta sosyedad na kultura at ng pagkababae (2014:184). Mahalaga ang konsepto ng *mimicry* (na nakaangkla sa pagteteorya ni Homi Bhabha) kapag binabasa ito sa konteksto ng

---

<sup>13</sup> Hinugot ni Cannell ang kanyang perspektiba sa konsepto ng loob mula sa depinisyon ni Vicente Rafael (1988). Sa halip na tingnan ang loob bilang ‘sisidlan’ at aktwal na espasyo (*actual domain*), sa pananaw ni Rafael ang loob ay ‘bahagi ng mapa ng pakikipag-ugnayan sa lipunan’ (“*part of the social map of reciprocal relationships and obligations*”). Ang pananaw ni Rafael ay taliwas sa kahulugang umiikot sa tinatatawag na “*actual bifurcation between inner and outer dimensions of the self*” ni Reynaldo Ileta (1979). Tinalakay din ni Rafael ang konsepto ng utang na loob katulad ni Ileta, ngunit hindi niya pinagtuunan ng pansin ang “*bifurcation*” o ang paghahati (Manalansan 2006:41).

<sup>14</sup> Sa ganitong paraan, naiugnay ni Cannell ang pakikilahok ng mga bakla sa beauty contest sa pagganap ng *Pasyon* ni Kristo,

*“For talent and bakla-beauty contestants, imitating a popular singer or dressing up like a movie star is not a way of showing off, but of getting closer to the elusive, timeless beauty and social power of their objects of admiration. It is a path to self-transformation, just as participating in the Pasyon brings one closer to the spiritual beauty and supernatural power of the suffering Christ”* (Paredes 2002:143)

<sup>15</sup> Ang pinapantasya at pinapanaginipang makapangyarihan, mayaman, malinis, maganda, nakamamangha, at nakatutuwa na lunan ng ‘Amerika’ (Tolentino 2014:184).

kolonyalismo at poskolonyalismo, ugnay sa paggamit ng espasyong *liminal* para sa pagbasag ng hirarkiya (Tolentino 2014:186)

Sa talakayang ito, hindi na natutukoy ang kahalagahan ng konsepto ng “loob” bilang pagdulog (*paradigm*) sa pag-unawa ng kaakuhang bakla. Sa halip, tinuturing na may malaking kinalaman ang panlabas na mga pwera sa pagbuo ng mismong identidad. Sa gayon, hindi na maaaring gamitin ang perspektibang nakaangkla sa isang panloob na espasyo katulad ng *closet* dahil maaaring ang kaganapan o pangyayari sa pagbuo ng identidad ng isang bakla ay isang uri ng pagpapakahulugan na dinaranas mula sa labas. Katulad na lamang ng semiyotika ng pandiwang “nababakla”.<sup>16</sup>

Mula kay Johnson (1997) makukuha natin ang kakayanan ng *mimicry* o imitasyon na lumikha ng transpormasyon sa antas ontolohikal.<sup>17</sup> Samakatuwid batay sa perspektiba ni Johnson, imbes na nakakababa ng puri o *derogatory* (ang nakasanayang komentaryo na kadalasang nahuhulma hinggil sa mga *gay beauty contest*), sisipatin ang estetikong konotasyon ng mga ito bilang bahagi ng dinamiko ng prosesong nakabatay sa kapangyarihang panlipunan o *social power*.

### Sekswalidad at mga karapatang pantao

*“Marriage is not about sexual liberty but in certain respects, quite the opposite. It is about the regulation of sexuality in the framework of an institution that is purported to be the most legitimate, if not the only place of sex thereby signaling the inferiority of all sex that is not conducted between married couples. Moreover, marriage as an institution conveys the message that it is the most sacred form of human relationship and the ultimate fulfillment of the individual’s personal life. The mere existence of marriage (at least as long as it is contracted around the couple that enters into it and thus commits to the obligations associated with it) sends a message of exclusion to all who do not or cannot participate in the institution. Consequently, although allowing same-sex couples entry into this institution breaks out of the heteronormative burden of marriage, it also reinforces the message that marriage is the ultimate form of human*

<sup>16</sup> [Pakitingnan ang pangalawang sipi mula kay Manalansan (2006) sa simula ng seksyon.]

<sup>17</sup> Si Johnson ay naimpluwensiyhan ng perspektiba ni Cannell, *“Exposing one’s beauty in the beauty contest, is similarly seen to signal this active process of transformation...an active process of objectification which through layers upon layers of signs of beauty enacts an ontological transformation”* (Manalansan 2006:42)



*relationship whether for different sex or same sex partner. Given the symbolic and material benefits associated with marriage this message is discriminatory towards all who do not participate in it, specifically those who opt to live in family units not based on couple hood; the single person, individuals with more than one lover and other forms of human relationships.” – Aeyal Gross, 2013:121*

*“Does the struggle for same-sex marriage - not in fact participate in sending a stigmatising and inferior message to those who would not want to or would not be able to marry even if same sex marriage was recognized? This could include people who have no partner either because they do not want one or could not succeed in finding one, people who have more than one partner or anyone whose patterns of relationship do not fit the marriage model. Given the message of inferiority that the existence and statute of marriage sends to all kinds of relationship - and is - outside of its parameter, marriage must be understood as part of the heterosexual - patriarchal structure of society which seeks to restrict sexual relationship to this structure.” – Aeyal Gross, 2013:123*

Ang dekada ‘90 ay naging panahon ng paglunsad ng espasyo para sa sekswalidad sa diskurso ng mga pandaigdigang karapatang pantao. Noong taong 1994, ibinaba ng *UN Human Rights Committee* ang kauna-unahang desisyon ng nasabing komite hinggil sa oryentasyong sekswal. Iminungkahi nito na isang uri ng paninikil sa karapatang pantao ang pagsasakrimen (*criminalize*) sa Tasmania (Australia) ng pakikipagtalik (lahat ng uri) ng lalaki sa kapwa lalaki, maging ang seks na may pagsang-ayon sa mga bading na nasa saktong edad na. Ang anumang uri ng diskriminasyong nababatay sa oryentasyong sekswal ay sadyang ipinagbabawal ng *International Covenant on Civil and Political Rights*. Kasabay ng ipinasang desisyon ng *Human Rights Committee*, taong 1994 rin bumuo ang *Amnesty International* (kaunaunahang NGO na gumawa nito) ng isang ulat na hinggil sa oryentasyong sekswal (*Breaking the Silence: Human Rights Violation Based on Sexual Orientation*). Taong 1995, dalawang aklat ang nilimbag tungkol sa sekswalidad at mga karapatang pantao: *Sexual Orientation – A Human Right: An Essay on International Human Rights Law* (Heinze 1995), at *Sexual Orientation and Human Rights: The United States Constitution, the European Convention and the Canadian Charter* (Wintemute 1995). Nabigyan rin ng pansin ng *Amnesty International* kung paano ang sektor ng kalusugan ay may kontribusyon sa pag-aalipusta ng mga homosekswal at iba pang uri ng sekswalidad na hindi sumasang-ayon sa heteronormatibong kaakuhang sekswal (Lewin at Meyer 2002:163).

Pagkatapos ng mga makasaysayang pangyayari na ito, iba't-ibang pandaigdigang NGO ang naging aktibo sa mga usaping umiinog sa sekswalidad, kasarian, at mga karapatang pantao. Kaya't hindi maipagkakaila ang paglunsad noong 1998 ng *Amnesty International* ng islogan na “*Gay Rights are human rights*” bilang ebolusyon ng “*Women’s Rights are human rights*” mula sa kilusan ng kababaihan ng mga naunang dekada ‘60 at ‘70. Simula noong dekada ‘90, sinusulong ang pagpapakahulugan sa sekswalidad bilang produkto ng kultura’t kasaysayan— nag-iiba at nagbabago ang depenisyong sekswalidad ayon sa pinagmulan nitong kultura at espesipikong panahon sa kasaysayan. At, hindi lamang identidad o kaakuhan ang tinutukoy nito bagkus ang mga karapatang pantao rin.

Ang pakikibaka hinggil sa mga karapatang pangsekswalidad, o *sex rights*, ay pinalakas at pinaigting ng ilang deklarasyon na may pandaigdigang saklaw kagaya ng *United Nations 2010 Resolution on Extrajudicial, Summary of Arbitrary Executions* kung saan pinagtuunan ng kaukulang pansin ang pagpaslang ng mga tao dahil sa kanilang oryentasyong pangsekswal, at ng *2011 Resolution of the UN Human Rights Council on Human Rights, Sexual Orientation and Gender Identity* na nakatuon naman sa mga ibat-ibang karahasang nararanasan ng mga tao dahil sa kanilang oryentasyong pangsekswal at kaakuhang pangkasarian. Ito ay nagbigay daan sa isang ulat ng *UN High Commissioner on Human Rights* na pinamagatang *Discriminatory Law and Practices and Acts of Violence against Individuals Based on their Sexual Orientation and Gender Identity*, na nilimbag noong Disyembre 2011. Noong 2017, may isinaad na karagdagang na mga prinsipyo at mga obligasyon ng estado sa *Yogyakarta Principles on the Application of International Human Rights in Relation to Sexual Orientation and Gender Identity* (YP+10).<sup>18</sup>

‘*Sex Rights*’ vs. ‘*Marriage Rights*’. Mahalagang tingnan ang paglililaw ni Gross (2013) na bagaman mayroong koneksiyon ang dalawang termino sa isa’t isa, naiiba pa rin ang kanilang semiotika. Ang tinatawag na *sex rights* ay tumutukoy sa kalayaang sekswal o *sexual liberty* – ang mga istruktura na nagsasabing hindi tama or legal ang ibang klase ng sex (Gross 2013:120). Batay na rin sa pagteteorya ni Gayle Rubin, ang kasalukuyang dikotomiya, ang tama at ‘natural’ o ‘normal’ na pagseseks ay nakaangkla sa heterosekswal na

---

<sup>18</sup> [Ang *Yogyakarta Principles* ay binuo ng isang lupon ng mga eksperto sa karapatang pantao noong 2006. Pinag-usapan sa dokumentong ito ang mga pandaigdigang pamantayan ng karapatang pantao at ang mga isyu ng *Sexual Orientation and Gender Identity* (SOGI). Ang bagong dokumento na YP+10 ay naglalaman ng 111 na karagdagang obligasyon ng estado. Mababasa ang *Yogyakarta Principles* at *Yogyakarta Principles plus 10* sa: [www.yogyakartaprinciples.org](http://www.yogyakartaprinciples.org)]

pamamaraan (2011). At karamihan sa ‘di-tama’ o “*bad sex*” ay pinatawan ng kaparusahan ng mga batas sa Estados Unidos, Europa, maging sa Africa at Asya bilang mga krimen.

Di kalaunan, ang mga nasabing batas ay tinaguriang mga uri ng karahasan laban sa karapatang pantao: ng *UN Human Rights Committee*, maging ng *US Supreme Court*, *South African Constitutional Court*, *Delhi High Court in India*, at ng *European Court of Human Rights* sa pamamagitan ng mga *landmark cases*.<sup>19</sup> Ang mga desisyong ibinaba sa mga kasong ito ay nagpapalawak sa usapin ng *sex rights* bilang pagpapalaya o liberasyon mula sa paboritismong inilalaan sa pagseseseks na kaakibat ng kasal o matrimonyo at sa mababang pagtanaw sa pagseseseks na walang kinalaman sa pagpapakasal pati na ng pagbasbas nito bilang sakramento ng relihiyong Kristiyano.

Samakatuwid ang *sex rights* ay naiiba sa *marriage rights* sa dahilang ang kasal o matrimonyo ay walang kinalaman sa kalayaang sekswal (*sexual liberty*) bagkus ito ay kasalungat nito. Sa madaling salita, ang *sex rights* ay may mapagpalayang konotasyon samantala ang *marriage rights* naman ay posible lamang sa loob ng isang institusyon ng matrimonyo na nagbibigay ng basbas ng kabanalan at lehitimasyon sa pagtatalik at pag-ibig. Mapaniil ito kung tutuusin ng mga uri ng pagmamahalan na hindi sumusunod sa adhikain nito.

*Posibilidad ng ‘pag-iisang dibdib’ ng ‘Sex Rights’ at ‘Marriage Rights’.* Ayon kay Gross, dapat binigyan ng pansin ang mga argumentong nagtataguyod sa hidwaan sa pagpapapakahulugan ng *sex rights* at *marriage rights*. Para sa kanya ang ugnayan sa pagitan ng dalawang termino ay isang ebolusyon—kusa silang nagbubuklod at kasabay silang umuunlad at nagbabago sa isang proseso ng transpormasyon. Ang unang kaganapan (*first stage*) ay ang pagkilala ng mga batayang karapatang pantao (tulad ng karapatang mabuhay, nang di sinasaktan, at ng karapatan sa malayang pananalita). Sa ikalawang kaganapan (*second stage*), ang “*sex rights*” ay kinikilala sa konteksto ng discriminasyon sa pagtatalik ng magkapareong kasarian, at sa pagbabago ng kasarian (*gender reassignment*). Ang ikatlong kaganapan (*third stage*), ay ang pagkilala ng benepisyo mula sa “*love rights*” o ang ‘karapatang umibig’ (*right to love*) at

---

<sup>19</sup> Katulad ng: *Toonen v. Australia* (1994), *Lawrence v. Texas* (2003), *National Coalition for Gay and Lesbian Equality v. Minister of Justice* (1998), *Naz Foundation v. N.C.T. of Delhi and others* (2009), *Dudgeon v. Ireland* (1981), *Norris v. Ireland* (1988), *Modinos v Cyprus* (1993).

sa pagkilala ng pagsasama (*right to be recognized as a couple*)<sup>20</sup>. Sa pag-iisang dibdib ng mga magkaparehang kasarian, binibigyan na pantay na pagtrato ang magkapareha.

Maaring magkakaroon nga ng koneksyon ang *sex rights* sa *marriage rights* kung tatanggapin natin na *marriage rights* nga ang pinakahuling hantungan ng nasabing proseso. Ngunit sa pananaw ni Gross (2013), tumataginting pa rin ang kontradiksiyong namamayani sa dalawang konsepto. May taglay na pagpapahalaga pa rin sa institusyon ng matrimonyo sa nasabing perspektiba. Bilang resulta nito, mananatili sa anyo ng dikotomiya na maghahati sa mga miyembro ng LGBTQI sa dalawang hanay – mga parehang gusto at may kakayahang magpakasal, at, sa mga hindi magnanais o walang kakayahang magpakasal, maging ang mga walang mga *partner* o hindi gustong *magkapartner* o may maraming mga *partners*.

Sa likod ng pagtatangkang maugnay ang *sex rights* sa *marriage rights* sa loob ng daloy ng naratibo ng pagbabago't ebolusyon ni Wintemute, nasisipat pa rin ni Gross (2013) ang "*heterosexual imaginary*" nito dahil simula't sapul, ang kasal o matrimonyo ay istruktura ng heteroseksismo at patriyarkiya ng lipunan. Para kay Gross, hindi niya makikita ang katuturan o lohiko kung paano ang pakikibaka at adbokasiyang mabigyan ng *marriage rights* ang mga miyembro ng LGBTQI ay isang uri ng pagtataguyod ng laban para makamit ang *sex rights* at hindi ang pagwawalang bisa nito. Samakatuwid, kung kasal o matrimonyo ang kahahantungan ng lahat ng ito, may kambal na riyesgo ang ganitong pananaw dahil ang natamong kalayaang magmahal o makipagseks ay maaring malilimitahan at makontrola ng institusyon ng matrimonyo. Sa katunayan, isa sa mga riyesgong maaring harapin ng diskurso ng *marriage rights* ay ang posibilidad na magiging isa itong proyektong *homonormative*.<sup>21</sup>

---

<sup>20</sup> Iba ito sa "*partnership rights*" ni Wintemute (1995) na pinaghalo ang karapatang umibig sa pagkilala ng dalawa bilang magka-*partner*.

"...I would question this progress narrative and argue that the gap we may sense when looking at the cover of *Sex Rights* is a real one; we should consider the gap between the "sex right" title and the image of marriage as pointing to the fact that Wintemute's three stages of rights exist in conflict and not only in progression." (Gross 2013:123)

<sup>21</sup> Batay sa mga depenasyon nito na pinagtibay nina Dugan (2003), Cossman (2007) at Spade (2011) –

"*homonormativity [consists] of neoliberal sexual politics which do not contest dominant heteronormative assumptions and institutions but upholds them while promising the possibility of a demobilised gay constituency and a privatised, depoliticised gay culture*" (Gross 2013:116-117).

**Pagtatapos: tungo sa mapagpalayang *queer reading***

*“The heterosexual imaginary is that way of thinking which conceals the operation of heterosexuality in structuring gender and closes off any critical analysis of heterosexuality as an organizing institution. The effect of this depiction of reality is that heterosexuality circulates as taken for granted, naturally occurring, and unquestioned, while gender is understood as socially constructed and central to the organization of everyday life”.* – Chris Ingraham, 1994:203-204

*“Another interesting reversal happens everytime Ada transforms into superhero Zsazsa Zaturannah: the woman-hearted man becomes a bakla-hearted woman. This fantastical externalization of internal desire of the “woman trapped in a man’s body” is a literal transmutation of Judith Butler’s concept of the body as arbitrary and of gender as performance, dismissing constructs not only of gender identity but also of the superhero genre”* – David Corpuz, 2010:166-167

Dalawang nag-uumpugang pananaw ang palaging naeengkwentro sa pag-aaral, pagbasa, at interpretasyon ng mga usaping umiinog sa kasarian (*gender*) at sekswalidad. Ang una ay ang paniniwalang isang natural na pangyayari ang pagiging babae’t lalaki na kung minsa’y ginagamitan pa ng Bibliya bilang reperensiya at batis ng katotohanan (*fountain of truth*) kaya’t hindi na dapat pag-isipan nang malaliman. Kasabay na rin dito ang simplistikong opinyon na may babae’t lalaki naman sa lahat ng sulok ng mundo. Sa diskursong ito, tahasang natuturing na isang pandaigdigang kaganapan (*universal event*) ang heterosekswalidad. Ang mga pang-uri sa Ingles na *natural, transcultural, transhistorical, universal* ang nagsalarawan at kumakatawan sa ganitong punto de bista. Sa kabilang dako, nasisipat, nasusuri, nadadalumat at nahihimay-himay naman ang mga ito sa perspektibang nagbibigay diin sa kanilang pagbuo o konstruksiyon bilang epekto ng mga prosesong panlipunan at pangkasaysayan (kung ayon kay Foucault, epekto ng mga diskursong rehimen na lumilikha ng kaakuhan/identidad o *subjectivity*).

Bilang *subject-position*, lubos na pumapanig ang papel na ito sa pagkabig ng kaisipan sa kasarian (*gender*) at sekswalidad bilang mga *social construct* at hindi mga bagay na bigla na lang lumitaw at umusbong na parang mga kabuti sa ating kamalayan. Tulad ng sinabi ni Garcia, ang mga ito’y hindi mga numero o puntong nakahilera sa isang *statistical graph* kundi ang epekto ng mga proseso ng pagpapangalan at pamamahala na kailangang isakasaysayan upang maintindihan (2013:57).

Bilang *manunudlo* ng *gender* (kasarian) at ng mga usaping niyayakap nito, lagi kong sinisimulan ang lektyur at talakayan hinggil sa kaibahan ng *gender* at *sex*. Mula dito tutungo naman kami sa mga sumusunod na araw at linggo sa *Sociology of Gender* na tinuligsa ng isang feminista (Ingraham 1994) dahil nagtataglay ito ng “*heterosexual imaginary*”. Mula dito didiretso na kami sa kalagitnaan ng semestre sa mga ideolohiya ng *gender*: mula sa *gender* bilang tagapagtuguyod ng kaibahan (*otherness*) papunta sa *gender* bilang instrumento ng dominasyong patriyarkal na nagbibigay saysay at katarungan (*justify*) sa mga ugnayan o relasyong nagtataguyod na paghahari't pang-aalipusta (*relations of ruling*). Hanggang kami'y dadako na sa *performativity* ni Judith Butler na importanteng mapag-aralan dahil dito kadalasan nagsisimula ang ruta patungo sa araling *queer*.

Bilang ehemplo ng burador (*paradigm*) na *performativity* ginagamit ko ang sumusunod: Isang talata mula sa pagbasa/*exegesis* na may paghugot sa *cultural politics* ng pelikulang *Ang Tatay Kong Nanay* noong dekada '70 kung saan tagapagganap si Dolphy (ang “*King of Philippine Comedy*”) bilang *beautician* at baklang tatay na si Coring, at ang *child actor* ng dekada '70 na si Niño Muhlach bilang batang si Marlon na iniwan sa pangangalaga ni Coring ng *boyfriend* nitong ginampanan ni Philip Salvador. Makikita sa sine na ito ang pagsasakatawan ng bakla ng anyo at kilos na ‘malantik’ at ‘malambot’ (Tolentino 2014:177). Ang ikalawa nama'y *swardspeak* o *gay lingo* na mabilis ang pagbabago ng lexicon at pagpapakahulugan/semiotika ng mga ginagamit na mga salita sa komunikasyon at bunga nito ang *performative* na karakter hindi lamang ng lengguwahe ng kabaklaan kundi ng kaakuhang bakla mismo. Ikatlo at panghuli ay isang *queer* na pagbasa ng isang nobelang naisa-komiks (*graphic novel*) na ang pamagat ay *Ang Kagilas-gilalas na Pakikipagsapalaran ni ZsaZsa Zaturannah*, sinulat ni Carlo Vergara at nilimbag noong 2002. (Mayroon na rin itong bersiyon bilang isang *musical play*, at pelikula.)

Ang pagdulog na *queer* (*queer paradigm*) simula sa bandang 1990 ay nagbigay ng mas malawakang espasyong diskursibo (*discursive space*) sa araling pangkasarian (*gender studies*). Sadya nitong binubura ang binaryang pag-iisip (*binary thinking*) tungo sa dekonstruksiyon ng heteroseksualidad bilang isang *social construct* at ang pagdenaturalize nito sa ating mga kasipan at kamalayan (Eng et al., 2005). Pagdating ng ika-21 dantaon lumitaw na ang ibang uri ng epistemolohiya na sumanga mula sa *queer theory* katulad ng *queer ecology*, kung saan naipapakita at natatalakay ang ugnayan ng kapaligiran sa usaping pangkasarian na pinamumunuan ng pagka-*queer*. Dapat unawain na sa paggamit ng salitang *queer* bilang pandiwa may konotasyon itong nangangahulugan ng pagsalungat, pagkuwestiyon o hindi pagsang-ayon sa

nakagisnan o nakaugaliang mga paniniwala, pagkilos, at pagsasagawa ng mga bagay na may pagkiling sa heteroseksismo at heteronormatibidad. Gawa nito, ang kasabihang “*against nature*” na sinimulang gamitin ni Foucault sa kaniyang *History of Sexuality* ay nabibigyan ng atensiyon sa nasabing paglikha ng kaalaman o *knowledge production*. Sari-saring disiplina at kilusan na may ugnayan sa kalikasan, kapaligiran, kapangyarihan at kasarian ang pinaghuhugutan ng *queer ecology*.

Bilang pagbubuod ng naratibong ito, magpasahanggang ngayon hindi pa rin natatapos ang mga usaping kinakaharap ng mga naisalaylayang mga sekswalidad (*marginalized sexualities*) na nabibilang sa mga kaakuhang LGBTQI. Ang mga pagbabago at pagpapalit-palit ng pagpapakahulugan o semiyotika ng kaakuhang *gay/bakla* ay maituturing na pagtugon sa daloy ng mga kaganapan sa ating lipunan hindi lamang dito sa ating bansa kundi sa labas man ng ating arkipelago.

Dekada ‘90 pa nang nagsimulang lumadlad at lumagablab ang kilusang LGBTQI sa Pilipinas at isa ako sa mga aktibong nakisama at nakiladlad noong panahong iyon. Nasa ika-21 dantaon na tayo ngunit hindi pa rin lubusang nabibigyan ng pantay na pagkilala at pag-unawa ng ating *katilingban* ang mga isyung pangkasarian lalong lalo na ang usapin ng kabaklaan o kabadingan, May mga nangyayari pa ring *gender discrimination* (o *hostility against marginalized sexualities*) sa antas pisikal, literal man o epistemolohikal, maging isahan/indibidwal man o sa kolektibo/institusyonal na pamamaraan.

Sa kabilang dako, sinikap ng papel na ito na itampok ang mga mahahalagang konsepto at mga pangyayaring hugot sa kasaysayan mismo ng kabaklaan. Ang kabaklaan ay hindi na kailanman mananatiling isang puwang sa kasaysayan kagaya ng mga nailantad na mga pagteteorya at adbokasiyang nakatuon sa pagkilala sa mga karapatang pangkasarian bilang karapatang pantao. Kaakibat ng pagkilalang ito ang pagtitiwalag at pagpapalaya ng ating kamalayan at kaisipan mula sa selda ng patriarkiyang heteronormatibo. Ang pagbabalik-tanaw ay isang uri ng pagsipat sa pinagmulan ng mga bagay at kaganapan tungo sa pagtatasa ng mga nakamit na mga pagbabago. Ang mapagpalayang *queer reading* ay isa sa mga pagbabagong ito. Bunsod ito ng mga pakikibaka at pakikidigmang pangkasarian na naganap sa iba’t-ibang panig ng mundo sa paglipas ng panahon.

---

### **Pagkilala at pasasalamat**

Hinikayat ako ni Propesor Tomasito Talledo ng UP Visayas sa Miag-ao, Iloilo na sumulat ng isang papel na maaaring magsateksto ng aking

repleksiyon o pagmumuni-muni sa paksang ito. Minabuti kong isulat itong papel bilang kasagutan at pagtupad ko sa kaniyang intelektuwal na pang-uudyok. Habang sinusulat ko ang papel na ito, hindi ko halos mapaniniwalaan na ang isang simpleng pagkikita't pag-uusap ng dalawang magkaibigang *manunudlo* ay magiging mitsa sa pagbuo ng papel na ito.

---

## APENDISE

### GLOSARYO NG MGA TERMINONG HILIGAYNON

<i>Agi</i>	-	Bakla
<i>Kailigbon</i>	-	Libog
<i>Katilingban</i>	-	Lipunan
<i>Katin-aran</i>	-	Kaunlaran
<i>Kaugalingon</i>	-	Sarili
<i>Magpaniaga</i>	-	Mananghalian
<i>Manunudlo</i>	-	Guro, Titser
<i>Naaminhan</i>	-	Hilaga
<i>Nagtaliwan</i>	-	Namayapa, Namatay, Sumakabilang buhay
<i>Pagbuyagyag</i>	-	Pag-anunsiyo, Pagsasapubliko
<i>Pagkabig</i>	-	Pagtuturing
<i>Pagsulod</i>	-	Pagpasok
<i>Pag-ulikid</i>	-	Pagmamalasakit
<i>Pandayon</i>	-	Buuin, Organisahin
<i>Tansoanay</i>	-	Pagtatanso

---

## Mga Sanggunian

Bhabha, Homi K. (1994). *The Location of Culture*. London and New York: Routledge.

*Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report*. (2014). UNDP, USAID Bangkok.



- Brewer, Carolyn. (May 1999). *Baylan, Asog, Transvestism, and Sodomy: Gender, Sexuality and the Sacred in Early Colonial Philippines. Intersections: Gender, History and Culture in the Asian Context*, 2. [<http://intersections.anu.edu.au/issue2/carolyn2.html>].
- Butler, Judith. (1990). *Gender Trouble: Feminism and the Subversion of Identity*. London and New York: Routledge.
- Cannell, Fenella. (1999). *Power and Intimacy in the Christian Philippines*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Corpuz, David R. (2010). Subverting Zsazsa Zaturannah: The Bakla, The Real Man, and the Myth of Acceptance. *Review of Women's Studies*, 20(1-2):149-171. Quezon City: University of the Philippines Center for Women's Studies.
- Cossmann, Brenda (2007). *Sexual Citizens: The Legal and Cultural Regulation of Sex and Belonging*. Stanford University Press.
- Dudgeon v. Ireland*. (1981). 7525/76 Eur. Ct. H.R. 5
- Dugan, Lisa. (2003). *The Twilight of Equality: Neoliberalism, Cultural Politics and the Attack on Democracy*. Boston: Beacon Press.
- Eng, David L., kasama nina Judith Halberstam at Jose Esteban Muñoz (2005). Introduction: What's Queer About Queer Studies Now? *Social Text*, 23(3-4):84-85.
- Foucault, Michel. (1978). *The History of Sexuality: An Introduction - Volume One* [Robert Hurley, Tagapagsalin]. New York: Pantheon Books.
- Friedman, Richard C. and Jennifer I. Downey. (1998). Psychoanalysis and the Model of Homosexuality as Psychopathology: A Historical Overview. *The American Journal of Psychoanalysis*, 58(3):249-270.
- Garcia, Felino S., Jr. (2015). The *Ladlad* Series: Looking Back At *Paglaladlad* After TwentyYears (1994-2014). [di-nilathalang papel]
- Garcia, J. Neil C. (1994). Unfurling lives: An Introduction. Sa J. Neil C. Garcia at Danton Remoto (mga patnugot), *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing Inc.
- Garcia, J. Neil C. (1998). *Slip/Pages: Essays in Philippine Gay Criticism* 1991-1996. Manila: De La Salle University Press.
- Garcia, J. Neil C. (June 23, 2014). Philippine Gay Culture: Conclusion. [<http://panitikan.ph/2014/06/23/philippine-gay-culture-conclusion/>].
- Garcia, J. Neil C. (2013). Nativism or Universalism: Situating LGBT Discourse in the Philippines. *Kritika Kultura*, 20:48-68.

- [<https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/kk/article/view/KK2013.02003/840>].
- Garcia, J. Neil C. at Danton Remoto (mga patnugot). (1994). *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing Inc.
- Gross, Aeyal. (November 2013). Post/Colonial Queer Globalisation and International Human Rights: Images of LGBT Rights. *Jindal Global Law Review*, 4(2):98-130.  
[[https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=2358929](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=2358929)].
- Halperin, David M. (1990). *One Hundred Years of Homosexuality and Other Essays on Greek Love*. New York and London: Routledge.
- Heinze, Eric. (1995). *Sexual Orientation – A Human Right: An Essay on International Human Rights Law*. Netherlands: Springer.
- Ingraham, Chrys (July 1994). The Heterosexual Imaginary: Feminist Sociology and Theories of Gender. *Sociological Theory*, 12(2):203-219.
- Ileto, Reynaldo Clemeña. (1979). *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Johnson, Mark. (1997). *Beauty and Power: Transgendering and Cultural Transformation in the Southern Philippines*. Oxford: Berg.
- Lawrence v. Texas*. (2003). 539 US 558 Sup. Ct.
- Lewin, Simon and Ilan H. Meyer. (2002) Torture and Ill-Treatment Based on Sexual Identity: The Roles and Responsibilities of Health Professionals and Their Institutions. *Health and Human Rights*, 6(1):161-176.
- Manalansan, Martin F. IV (2006). *Global Divas: Filipino Gay Men in the Diaspora*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Modinos v. Cyprus*. (1993). 15070/89 Eur. Ct. H.R. 18.
- National Coalition for Gay and Lesbian Equality v. Minister of Justice* (1998). SACHS CCT 11/98 (9 October 1998) (South African Constitutional Court).
- Naz Foundation v. N.C. T. of Delhi and Others*. (2009). 160 DLT 277.
- Norris v. Ireland* (1988). 10581/83 Eur. Ct. H.R. 22.
- Paredes, Oona Thommes. (2002). A Review of Power and Intimacy in the Christian Philippines by Fenella Cannell. *Moussons* 5:141-143.
- Principles on the Application of International Human Rights Law in Relation to Sexual Orientation and Gender Identity* (o Yogyakarta Principles). (2006). [<http://yogyakartaprinciples.org>].

- Rafael, Vicente. (April 1987). Confession, Conversion and Reciprocity in Early Tagalog Society. *Comparative Studies in Society and History*, 29:320-339.
- Rafael, Vicente . (1988). *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Remoto, Danton. (1994). Preface. Sa J. Neil C. Garcia at Danton Remoto (mga patnugot), *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing* eds. J. Neil C. Garcia and Danton Remoto. Pasig City: Anvil Publishing Inc.
- Rousseau, George. (2006). Preface. Sa Katherine O'Donnell and Michael O'Rourke (mga patnugot), *Queer Masculinities 1550-1800: Siting Same-Sex Desire in the Early Modern World*. New York: Palgrave Macmillan,.
- Rubin, Gayle. (2011). Thinking Sex: Notes for A Radical Theory of the Politics of Sexuality. Sa kanyang *Deviations: A Gayle Rubin Reader*. Durham, N.C.: Duke University Press.
- Sedgwick, Eve Kosofsky. (1990). *Epistemology of the Closet*. Berkeley/Los Angeles: University of California Press
- Spade, Dean. (2011). *Normal Life: Administrative Violence, Critical Trans Politics and the Limits of the Law*. New York: South End Press.
- Tan, Michael L. (1994). Sicknes and Sin: medical and religious stigmatization of homosexuality in the Philippines. Sa J. Neil C. Garcia at Danton Remoto (mga patnugot), *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing Inc.
- Tolentino, Rolando B. (2014). *Contestable Nation-Space: Cinema, Cultural Politics, and Transnationalism in the Marcos-Brocka Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Toonen v. Australia*. (1994). U.N.H.R.C., Views of the Human Rights Committee. Communication No. 488/1992, U.N. Doc. CCPR/C/50/DD/488/199.
- Wintemute, Robert. (1995). *Sexual Orientation and Human Rights: The United States Constitution, the European Convention and the Canadian Charter*. Oxford: Clarendon Press.
- Wintemute, Robert. (2005). From Sex Rights to Love Rights: Partnership Rights as Human Rights. Sa Nicolas Bamford (pat.), *Sex Rights: The Oxford Amnesty Lectures 2002*. Oxford University Press.

---

*Si Felino S. Garcia, Jr. ay Katuwang na Propesor sa UP Visayas Tacloban College (UPVTC). Nagtapos siya ng B.A. History sa U.P. Visayas (Iloilo City campus), at ng M.A. History sa Ateneo de Manila University. Naging Faculty-in-Charge siya ng Sentro ng Wikang Filipino sa UPVTC. Nilathala ang mga tula niya sa Laldad 2 (1996), Laldad 3 (2007) at sa The Best of Laldad (2014). Nakalimbag din siya ng dalawang koleksiyon ng maikling kuwento sa Hiligaynon na nagtatalakay sa buhay at sensibilidad ng gay/bakla sa Kanlurang Bisayas: Sa Pagtunod Sang Adlaw: Mga Sugilanon (2011) at Idol: Mga Sugilanon sang Gugma kag Pagbiya (2012). Nanalo ang maikling kuwento niya na pinamagatang "Sa Hingapusan" na nagtatalakay ng gender fluidity sa Palanca Memorial Awards noong 2007. Nilimbag ng Kasing Kasing Press ang kaniyang salin sa Hiligaynon ng Sonetos del amor oscuro ni Federico Garcia Lorca na pinamagatang Mga Dilambong sang Magal-umon nga Gugma (2015). Premyado siyang tagasalin ng mga literaturang Filipino na nakasulat sa Espanyol; natamo niya ang Gawad Rolando Tinio sa Tagasalin ng National Commission for Culture and the Arts para sa mga taong 2017 at 2020.*

Email: felinog1@gmail.com